

T B

Alamin ang mga Katotohanan Tungkol Sa Sakit na Tuberculosis



**Centers for Disease
Control and Prevention**
National Center for HIV/AIDS,
Viral Hepatitis, STD, and
TB Prevention

English Version Included



Ano ang Nasa Loob:

Basahin ang pulyetong ito ngayon at alamin kung paano protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan mula sa TB. Pagkatapos ay ibahagi ito sa mga taong kasama mo sa iyong buhay.

Mga Nilalaman

Alamin ang mga makatotohanang impormasyon, at pagkatapos ay magpagamot.....	4
Alamin kung paanong naikakalat ang TB.....	7
Paggagamot para sa Sakit na TB	9
Pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan hinggil sa TB	13

Nagsalita si Corina hinggil sa TB:



“Mayroon akong sakit na TB. Gayunpaman, alam kong gagaling ako dahil sa gamot. Nagulat ako nang sinabi ng doktor na mayroon akong TB dahil palagi kong inaalagaan ang aking sarili sa pamamagitan

ng pagkain nang mabuti at sapat na pahinga at ehersisyo. Sinabihan ako ng doktor na hindi ito sapat upang pigilan ang pagkakaroon ng TB minsan.

Marami akong natutunan nitong mga nakaraang buwan. Ikinatuwa kong malaman na hindi naipapasa ang mga mikrobyo ng TB sa iba sa pamamagitan ng pagpapahiram o paghiram ng baso, o mga sipilyo, o kahit sa pamamagitan ng pagkamay, o paghalik. Sinabi rin ng aking doktor na hindi tumatakbo sa pamilya ang TB. Hindi ito namamana. Ang tanging paraan upang makakuha ng sakit na TB ay sa pamamagitan ng paglanghap ng mga mikrobyo ng TB at magkaroon muna ng impeksyong TB. Kapag hindi nalunasan ng gamot ang impeksyong TB, maaaring magkaroon ang isang tao ng sakit na TB. Ganito ang nangyari sa akin. Nagpapasalamat ako na ako ay sumasailalim sa epektibong plano sa paggagamot, at hindi magtatagal ay gagaling na ako.”

Alamin ang mga makatotohanang impormasyon, at pagkatapos ay magpagamot

Maaaring sinabihan ka kamakailan na mayroon kang sakit na TB. Maaaring nakakaramdam ka ng kaunting pagkalito. Karaniwan lamang ito. Marami kang natututunang bagong impormasyon. Makakatulong sa iyo kung titingnan mo ang pulyetong ito at basahin kung ano ang masasabi ng ibang taong katulad mo tungkol sa TB.

Mayroong sakit na TB si Corina at ngayon ay umiinom ng mga gamot para sa TB. Iniinom niya ang mga gamot para sa TB tulad ng sinabi sa kanya ng kanyang doktor. Hindi magtatagal ay magagamot na ang kanyang TB.

Inaasahan namin na ang impormasyon sa booklet na ito ay makakasagot sa mga katanungan mo o ng iyong mga minamahal hinggil sa TB.

Paano gamitin nang mahusay ang booklet na ito:

Basahin ang booklet na ito upang malaman kung paanong kinaya ng ibang taong lampasan ang sakit na TB. Alamin ang lahat ng maaari mong matutunan hinggil sa TB at ibahagi ang iyong natutunan sa iyong mga kapamilya at kaibigan. Basahin nang isang beses ang booklet na ito. Pagkatapos ay ilagay ito sa pamilyar na lugar nang sa gayon ay mabasa mo ito ulit kung kinakailangan.

Mayroong tatlong bahagi ang booklet na ito.

Bahagi 1: Alamin kung paanong naikakalat ang TB.

Bahagi 2: Pagpapagamot para sa TB.

Kabilang din sa seksyong ito ang mga kasagutan sa mga tanong na maaaring mayroon ka hinggil sa mga gamot na para sa TB.


Bahagi 3: Humingi ng magandang payo kung paano mo dapat kausapin ang iyong pamilya hinggil sa TB.

Ano ang TB?

Ang TB ay pinaikling katawagan para sa tuberculosis. Ang TB ay isang malubhang sakit na maaaring maging dahilan upang magkasakit nang malala ang isang tao kung hindi siya malulunasan ng gamot. Karaniwang naaapektuhan ng TB ang бага, ngunit minsan, naaapektuhan rin nito ang ibang bahagi ng katawan.

Paano ako nakakuha ng sakit na TB?

- Ang TB ay naikakalat sa pamamagitan ng hangin mula sa isang tao papunta sa ibang tao. Ang mga mikrobyo ng TB ay naipapasa sa pamamagitan ng hangin kapag ang isang tao na may sakit na TB ay umubo, tumawa, kumanta, o bumahing.
- Kung malalanghap mo ang hangin na may mga mikrobyo ng TB, maaari kang makakuha ng impeksyong TB. Minsan, tila napakasamang pakinggan ng salitang impeksyon, ngunit ang impeksyon ng TB ay nangangahulugang mayroon ka lamang dormant (natutulog) na mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Ang mga natutulog na mikrobyo ng TB na ito ay hindi nagdudulot ng sakit, at hindi mo maipapasa ang mga iyon sa iba.
- Kapag nagising at dumami ang mga mikrobyong ito na natutulog sa iyong katawan, magkakaroon ka ng sakit na TB.
- Nakamamatay ang TB kapag hindi nalunasan ng gamot.



Nagmumula ang sakit na TB sa impeksyong TB. Hindi alam ng mga taong mayroon silang impeksyong TB hangga't hindi sila nasusuri para sa TB.

Kapag nagkaroon ka ng impeksyong TB, mayroon kang mas mataas na tsansang magkaroon ng sakit na TB kung ikaw ay:

- Mayroong impeksyong HIV.
- Kamakailang nagkaroon ng impeksyong TB (sa loob ng nakaraang dalawang taon).
- Mayroong iba pang problema sa kalusugan, tulad ng diyabetes, na nagpapahirap sa iyong katawan na labanan ang mga mikrobyo.
- Nag-aabuso ng alkohol o nagtuturok ng iligal na droga.
- Hindi tamang nagamot para sa impeksyong TB sa nakaraan.

Alamin kung paanong naikakalat ang TB

Alam mo ba?

- Ang pagkain ng masusustansyang pagkain at pagkakaroon ng sapat na pahinga at ehersisyo ay laging magandang ideya. Gayunpaman, kahit na malusog ang iyong isip at katawan, maaari ka pa ring makalanghap ng mga mikrobyo ng TB at makakuha ng impeksyong TB.
- Mayroong mas malaking tsansa ang mga sanggol, bata, at matatanda na magkaroon ng sakit na TB kapag naimpeksyon sila ng mga mikrobyo ng TB. Ito ay dahil mahina ang resistensya ng kanilang katawan.




Ang tanging paraan upang magkaroon ka ng mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan ay sa pamamagitan ng paglanghap sa kanila.

Ikaw ay hindi makakakuha ng mga mikrobyo ng TB mula sa:

- Pagpapahiram o panghihiram ng mga baso o inuman o mga kubyertos sa pagkain
- Pakikisalo sa pagkain sa ibang tao
- Laway mula sa pakikipaghalikan
- Pakikipagkamay
- Paghawak sa mga kobre-kama
- Pagpapahiram o panghihiram ng mga sipilyo
- Mga upuan ng palikuran (toilet seats)

Kwento ni Pablo:


Nagkasakit si Pablo sa loob ng isang panahon. Mayroong sakit na TB si Pablo. Sinabihan niya ang kanyang doktor na madalas siyang magpawis sa gabi at madalas na umubo sa loob ng nagdaang tatlong linggo. Nabawasan na ng halos 10 pounds ang kanyang timbang at nakaramdam siya ng panghihina at pagkapagod. Nakaramdam siya ng kaunting takot noong araw na umubo siya nang may dugo.



- Dahil mayroon siyang mga aktibong mikrobyo ng TB sa kanyang katawan, naipasa ni Pablo ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao sa kanyang paligid noong siya ay umubo, kumanta, o bumahing. Paano? Ang mga mikrobyo ng TB ay naikakalat sa pamamagitan ng hangin mula sa isang tao papunta sa ibang tao.
- Nagpagamot si Pablo. Kailangan niyang manatiling umiinom ng mga gamot para sa TB sa loob ng hindi bababa sa anim na buwan, o hanggang sa lahat ng mikrobyo ng TB sa kanyang katawan ay patay na.
- Kinausap niya ang kanyang doktor upang malaman kung ligtas na ba siyang umuwi at bisitahin ng mga kaibigan sa kanyang tahanan.
- Kinausap niya ang kanyang mga kapamilya upang bawasan ang kanilang takot sa sakit na TB.

Ang ilang mga palatandaan ng sakit na TB ay:

- Malalang ubo na tumatagal nang tatlong linggo o higit pa.
- Pananakit ng dibdib.
- Pag-ubo nang may dugo o plema mula sa kaloob-looban ng baga.
- Panghihina o pakiramdam na sobrang pagod.
- Pagbaba ng timbang nang hindi sinasadya.
- Kawalan ng ganang kumain.
- Panginginig at lagnat.
- Pagpapawis sa gabi o kapag ikaw ay natutulog.



**Ang magandang
balita:**

Ang TB ay
naiiwasan,
nagagamot, at
napapagaling!

Alam mo ba?

Minsan, kayang mabuhay ng mga mikrobyo ng TB sa hangin sa loob ng ilang oras, laluna sa maliliit na lugar na walang sariwang hangin.

Mas nahihirapan ang mga mikrobyo ng TB na mabuhay kapag mayroong sariwang hangin at sikat ng araw. Ikinakalat ng sariwang hangin ang mga mikrobyo at pinapatay sila ng sikat ng araw.

Paggagamot para sa Sakit na TB

Paano ginagamot ang sakit na TB?

- Magsisimula ka sa ilang mga gamot para sa TB.
- Kailangan mong inumin kaagad ang iyong mga gamot, tulad ng sasabihin sa iyo ng iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Kailangang manatili ka sa mga gamot mo sa TB sa loob ng hindi bababa sa 6 na buwan.

Sa karamihan ng mga lugar, hindi mo kailangang magkaroon ng seguro sa kalusugan o ng isang social security card o numero upang masuri o magamot para sa TB sa isang departamento ng kalusugan o pampublikong klinika.

Inumin ang iyong mga gamot para sa TB sa eksaktong paraang sinabi sa iyo ng doktor, kahit pa maayos na ang iyong pakiramdam. Ito ang tanging paraan upang patayin ang mga mikrobyo ng TB. Tumatagal nang ilang panahon bago mamatay ang mga mikrobyo ng TB. Hindi magagamot ng ibang paraan tulad ng acupuncture o mga halamang gamot ang TB. Tiyaking masasabihan mo ang iyong doktor hinggil sa anumang iba pang paggagamot na iyong ginagamit. Matutulungan nito ang iyong doktor na magbigay ng plano sa paggagamot para sa iyo.



Inumin ang iyong mga gamot para sa TB sa eksaktong paraang sinabi sa iyo ng doktor, kahit pa maayos na ang iyong pakiramdam. Ito ang tanging paraan upang patayin ang mga mikrobyo ng TB.

Kung hindi mo iinumín sa tamang paraan ang mga gamot:

- Magiging mas mahirap o imposibleng gamutin ang iyong TB.
- Mananatili kang may sakit sa loob ng mahabang panahon.
- Maaaring tumigil ang epekto ng gamot, at kakailanganin mong uminom ng iba pang mga gamot na may mas maraming side effect.
- Kahit ang mga bagong gamot ay maaaring hindi makagamot sa TB.
- Maaari mong maipasa ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao.

Kausapin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nararamdaman mo na nagkakasakit ka dahil sa iyong gamot sa TB. Anumang gamot ay maaaring pagmulan ng mga side effect, pati na ang mga gamot sa TB. Karamihan ng mga tao ay nakakainom ng mga gamot nila sa TB nang walang problema.



Kung ikaw ay ginagamot para sa sakit na TB, sabihan kaagad ang iyong doktor kung ikaw ay mayroong:

- Lagnat.
- Pantal.
- Nananakit na mga kasu- kasuan.
- Pananakit o pakiramdam na may tumutusok sa iyong mga darili sa kamay o paa.
- Humihilab na tiyan, pagkahilo, o pananakit ng tiyan.
- Pagsusuka.
- Pagbabago sa iyong paningin tulad ng paglabo ng paningin.
- Pagbabago sa iyong pandinig tulad ng pag-ugong ng tainga.
- Pagkahilo.
- Pamamasa.
- Madaling magdugo kapag nasugatan.
- Hindi gaanong magana, o walang ganang kumain.
- Pakiramdam na may tumutusok o pamamanhid sa paligid ng bunganga.
- Paninilaw ng balat o mga mata.

Sundin ang mga tip sa paggagamot na ito:

- Inumin ang iyong mga gamot sa eksaktong paraang sinabi sa iyo ng iyong doktor.
- Inumin ang iyong mga gamot kahit pa maayos ang iyong pakiramdam.
- Kausapin ang iyong doktor hinggil sa anumang side effect mula sa pag-inom ng mga gamot. Mayroong mga tip ang iyong doktor upang makatulong sa iyong inumin ang iyong mga gamot.

Titiyakin ng iyong doktor na tumatalab ang gamot:

Sa panahon ng iyong paggagamot, magkakaroon ka ng mga pana-panahong pagsusuri sa dugo, plema, ihi, at mga x-ray kapag kinakailangan upang siguraduhing gumagana ang iyong mga gamot.

Kung mayroon kang iba pang mga problema sa kalusugan, tulad ng impeksyong HIV o hepatitis, maaari mo ring gawin ang mga pagsusuring ito bago at matapos ang paggagamot.

Kapag nakumpleto ko na ang paggagamot para sa sakit na TB at gumaling na ako, maaari ba akong magkaroon ng TB ulit?

Oo, pero maliit na ang tsansang mangyari ito. Matapos mong inumin ang gamot sa tamang paraan hangga't sinasabi ng iyong doktor, mababa ang tsansang magkaroon ka ulit ng TB. Ngayong nagkaroon ka na ng sakit na TB, alam mo na kung ano ang mga palatandaan. Kung mapapansin mo ang alinman sa mga palatandaang iyon, dapat mong tawagan agad ang iyong doktor.

Kung mayroon kang sakit na TB, dapat mong gawin ang mga hakbang na ito:

- Inumin ang iyong mga gamot sa tamang paraan, tulad ng sasabihin sa iyo ng iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Magsuot ng espesyal na mask kung sasabihin ng iyong doktor na kailangan ito. Kung hindi ka nagsusuot ng mask, takpan ang iyong bunganga at ilong gamit ang tissue kapag ikaw ay uubo o babahing. Makakakita ka ng mga tagapagbigay ng pangangalagang kalusugan sa iyong paligid na nakasuot ng mask nang hindi sila makakuha ng mga mikrobyo ng TB mula sa iyo.
- Panatilihin nakabukas ang mga bintana sa iyong tahanan, hangga't maaari, hanggang sa sabihin ng iyong doktor na hindi ka na makakapagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa iba.
- Huwag tumigil sa mga saradong espasyo nang may ibang tao hanggang sa sabihin ng iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang kalusugan na hindi ka na makakapagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa iba.

Pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan hinggil sa TB

“Hindi laging madali ang pagpapaalam sa ibang tao na mayroon kang sakit na TB. Alam kong kailangan kong sabihan ang aking pamilya dahil madalas ko silang nakakasama. Mayroong dalawang batang anak na lalaki ang aking kapatid, kaya ninais kong mapasuri sila kaagad. Nagpasuri ng TB sa pamamagitan ng balat ang lahat at negatibong lumabas ang lahat ng iyon, ngunit maaaring masyado pang naging maaga para tumugon ang kanilang mga katawan sa pagsusuri. Sasailalim sila sa isa pang pagsusuri sa TB sa pamamagitan ng balat o dugo sa loob ng humigit-kumulang dalawang buwan.”



Kung mayroon kang sakit na TB, kailangan mong kausapin ang iyong mga kaibigan at kapamilya hinggil dito. Kung gayon, ibahagi sa kanila ang pulyetong ito at iba pang impormasyon na iyong natutunan hinggil sa TB.

Ipaalam sa iyong pamilya na:

- Kahit sino ay maaaring magkaroon ng TB.
- Umiinom ka ng iyong mga gamot para sa TB sa tamang paraan.
- Hindi sila dapat matakot na magkaroon ng TB mula sa paggamit ng mga platong iyong pinagkainan o mga basong iyong pinag-inuman.
- Kadalasan, matapos mong uminom ng gamot sa loob ng ilang linggo, masasabi ng doktor kung hindi ka na makakapagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa iba.

Maaaring kausapin ng isang manggagawang pangkalusugan ang iyong pamilya hinggil sa kanilang tsansang magkaroon ng TB. Maaaring kailanganin nilang magpasuri ng balat o dugo para sa TB at magpa-x-ray. Mahalaga ito dahil poprotektahan nito ang kanilang kalusugan at ang kalusugan ng komunidad. Hindi naiintindihan ng ibang tao kung paanong kumakalat ang TB at kung paano ito ginagamot. Kayang kausapin ng iyong manggagawang pangkalusugan ang iyong pamilya at mga kaibigan hinggil sa TB. Maaaring mabawasan ang mga kinatatakutan nila kung malalaman nila ang mga katotohanan hinggil sa TB.

Tandaan — Ang TB ay naiiwasan, nagagamot, at napapagaling.

Lahat ng impormasyong ito ay napakarami para maunawaan nang sabay-sabay. Isa kada araw—isang araw sa isang panahon habang pinagsisikapan mo ang pagpapagaling ng iyong sakit na TB.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa TB,
tumawag sa iyong lokal na departamento ng
kalusugan sa**


**o bisitahin ang website ng CDC Division of
Tuberculosis Elimination sa
<http://www.cdc.gov/tb>**

Pinaunlad sa pakikipagtulungan sa Global Tuberculosis Institute sa Rutgers, The State University of New Jersey

Nilikha noong 2008 | In-update noong 2014

TB

Get the Facts About Tuberculosis Disease



**Centers for Disease
Control and Prevention**
National Center for HIV/AIDS,
Viral Hepatitis, STD, and
TB Prevention



What's Inside:

Read this brochure today to learn how to protect your family and friends from TB. Then share it with people in your life.

Contents

Get the facts, then get the cure	4
Learn how TB is spread	7
Treatment for TB Disease	9
Talking to family and friends about TB.....	13

Corina speaks out about TB:



“I have TB disease. Yet, I know with medicine, I will be cured. I was surprised when the doctor told me I had TB because I always take good care of myself by eating well

and getting plenty of rest and exercise. My doctor told me sometimes this is not enough to prevent TB.

I have learned so much these past months. I was glad to find out TB germs are not passed to others by sharing drinking glasses, or toothbrushes, or even by shaking hands, or kissing. Also—my doctor said that TB does not run in families. It is not hereditary. The only way to get TB disease is to breathe in the TB germs and first get TB infection. When TB infection is not treated with medicine, a person can get sick with TB disease. That is what happened to me. I am thankful that I am on a treatment plan that works, and soon I will be cured.”

Get the facts, then get the cure

You may have just been told you have TB disease. You also may be feeling a bit confused. This is normal. You are learning a lot of new information. It may help if you look at this brochure and read what some people like you have to say about TB.

Corina has TB disease and is now taking TB medicines. She is taking the TB medicines just like her doctor told her. Soon she will be cured of TB.

We hope the information in this booklet can answer your questions you or your loved ones may have about TB.

How to best use this booklet:

Read this booklet to learn how other people like you coped with TB disease. Learn all you can about TB and share what you learn with your family and friends. Read through this booklet once. Then put it in a familiar place so you can read it again if you need to.

There are 3 parts to this booklet.

Part 1: Learn how TB is spread.

Part 2: Getting treated for TB.

This section also includes answers to questions you may have about TB medicines.


Part 3: Get good advice on how to talk to your family about TB.

What is TB?

TB is short for tuberculosis. TB is a serious disease that can cause a person to become very sick if not treated with medicine. TB usually affects the lungs, but it sometimes affects other parts of the body.

How did I get TB disease?

- TB is spread through the air from one person to another. The TB germs are passed through the air when someone who is sick with TB disease coughs, laughs, sings, or sneezes.
- If you breathe air that has TB germs, you may get TB infection. Sometimes the word infection sounds really bad to us, but TB infection means that you have only dormant (sleeping) TB germs in your body. These dormant germs are not making you sick, and you cannot pass these germs to anyone else.
- If these dormant TB germs in your body wake up and multiply, you will get sick with TB disease.
- TB can cause death if not treated with medicine.



TB disease develops from TB infection.
People don't know they have TB infection
unless they have been tested for TB.

Once you have TB infection, you have a higher chance of getting TB disease if you:

- Have HIV infection.
- Have been recently infected with TB (in the last two years).
- Have other health problems, like diabetes, that make it hard for your body to fight germs.
- Abuse alcohol or inject illegal drugs.
- Were not treated correctly for TB infection in the past.

Learn how TB is spread

Did you know?

- Eating nutritious foods and getting lots of rest and exercise is always a good idea. Yet—even if your mind and body are healthy, you can still breathe in TB germs and get TB infection.
- Babies, young children, and elderly people have a much higher chance of getting TB disease if infected with TB germs. This is because their body defenses are not as strong.

The only way you can get TB germs in your body is by breathing them in.


You cannot get TB germs from:

- Sharing drinking containers or eating utensils
- Sharing food with others
- Saliva shared from kissing
- Shaking hands
- Touching bed linens
- Sharing toothbrushes
- Toilet seats



Pablo's story:


Pablo felt sick for a while. Pablo has TB disease. He told his doctor he had been having night sweats and coughing a lot for three weeks. He had lost about 10 pounds and felt weak and tired. He was pretty scared the day he coughed up blood.



- Because he had active TB germs in his body, Pablo was able to pass TB germs on to others around him when he coughed, sang, or sneezed. How? TB germs are passed through the air from one person to another.
- Pablo got treatment. He will need to stay on TB medicines for at least 6 months, or until all the TB germs in his body are killed.
- He talked to his doctor to find out when it was safe to return to work and have friends visit him at home.
- He talked to his family to lower their fears about TB disease.

Some signs of TB disease are:

- A bad cough that lasts 3 weeks or longer.
- Pain in the chest.
- Coughing up blood or phlegm from deep inside the lungs.
- Weakness or feeling very tired.
- Losing weight without trying.
- Having no appetite.
- Chills and fever.
- Sweating at night or when you are sleeping.



The good news:
TB disease
can be
prevented,
treated, and
cured!

Did you know?

TB germs can sometimes stay alive in the air for a few hours, especially in small places with no fresh air.

Fresh air and sunlight make it harder for TB germs to stay alive. The fresh air scatters the germs and the sunlight kills them.

Treatment for TB Disease

How is TB disease treated?

- You will start off with several TB medicines.
- You will need to take your medicines the right way, just as your doctor or healthcare provider tells you.
- You will need to stay on TB medicines for at least 6 months.

In most places, you do not need to have health insurance or a social security card or number to be tested and treated for TB at a health department or public clinic.

Take your TB pills exactly the way your doctor tells you, even if you feel well. It's the only way to kill TB germs. TB germs take a long time to die. Other treatments like acupuncture or medicinal herbs will not cure TB. Make sure to tell your healthcare provider about any other treatments you are using. This will help your doctor provide a treatment plan for you.



Take your TB pills exactly the way your doctor tells you, even if you feel well. It's the only way to kill TB germs.

If you don't take the pills the right way:

- It can be harder or not possible to cure your TB.
- You can stay sick for a longer time.
- The medicines can stop working, and you may have to take different medicines that have more side effects.
- Even the new medicines may not cure the TB.
- You can pass TB germs on to others.

Talk to your healthcare provider if your TB medicine is making you feel sick. Any medicine can cause side effects, including TB pills. Most people can take their TB medicine without any problems.



If you are being treated for TB disease, tell your doctor right away if you have:

- A fever.
- A rash.
- Aching joints.
- Aches or tingling in your fingers or toes.
- An upset stomach, nausea, or stomach cramps.
- Vomiting.
- Changes in your eyesight such as blurred vision.
- Changes in your hearing such as ringing in your ears.
- Dizziness.
- Bruising.
- Easy bleeding when cut.
- Less appetite or no appetite for food.
- Tingling or numbness around the mouth.
- Yellow skin or eyes.

Follow these medicine tips:

- Take your pills exactly the way your doctor tells you.
- Take your pills even if you feel well.
- Talk to your doctor about any side effects from taking the pills. Your doctor has tips to help you take your pills.

Your doctor will make sure the medicine is working:

During your treatment, you will have occasional blood, phlegm, urine tests, and x-rays as needed to make sure that your medicines are working.

If you have other health problems, like HIV infection or hepatitis, you may have these tests before and after treatment, as well.

Once I complete treatment for TB disease and I'm cured, can I get TB again?

Yes, but this is unlikely. After you take the medicine the right way for as long as your doctor tells you, your chance of getting TB again is low. Now that you have had TB disease, you know what the signs are. If you notice any of those signs, you should call your doctor right away.

When you have TB disease, you will want to take these steps:

- Take your medicine the right way, as your doctor or healthcare provider tells you.
- Wear a special mask if your doctor says it is needed. If you are not wearing a mask, cover your mouth and nose with a tissue when you cough or sneeze. You may see healthcare providers wearing a mask around you so they won't get TB germs from you.
- Keep windows open in your home, if possible, until your doctor says you cannot pass TB germs to others.
- Don't spend time in closed spaces with others until your doctor or healthcare provider says you can't pass TB germs on to others.

Talking to family and friends about TB

“Letting people know you have TB disease is not always easy. I knew I had to tell my family because I spend a lot of time with them. My sister has two young sons, so I wanted them to get tested right away. Everyone got TB skin tests and all of them were negative, but it may have been too soon for their bodies to react to the test. They will all get another TB skin test or a TB blood test in about two months.”



If you have TB disease, you may want to talk to your friends and family about it. If so, share this brochure and other information you have learned about TB with them.

Let your family know:


- Anyone can get TB.
- You are taking your TB pills the right way.
- They should not be afraid of getting TB from sharing your dishes or drinking containers.
- Usually, after you have been on the medicine for several weeks, your doctor will be able to tell you when you are no longer passing TB germs on to others.

A healthcare worker may speak to your family about their chances of getting TB. They may need to have a TB skin test or TB blood test and x-ray. This is important because it will protect their health and the health of the community. Some people do not understand how TB is spread and how it is treated. Your healthcare worker can talk to your family and friends about TB. Learning the facts about TB may help lower their fears.

Remember—TB can be prevented, treated, and cured.

All of this information is a lot to take in at once. Take each day—one day at a time, as you work toward getting cured of TB disease.

**For more information on TB, call your
local health department at**



**or visit the CDC Division of
Tuberculosis Elimination website at
<http://www.cdc.gov/tb>**

Developed in partnership with the Global Tuberculosis Institute at Rutgers, The State University of New Jersey

Produced 2008 | Updated 2014